# JOBERT M. PACNIS

Si **JOBERT M. PACNIS,** 43 ay kasalukuyang nakatira sa Ammubuan, Ballesteros, 3516 CAGAYAN. Kasapi ng *GUMIL Filipinas, Inc.* (GUMIL Cagayan Chapter) o Asosasyon ng mga Manunulat na Ilokano sa Filipinas at sa ibang bansa. Nagsusulat ng sarita (maikling kuwento), salaysay (sanaysay), at daniw (tula) sa *Bannawag Magasin*. Nagkamit din ng ilang mga parangal sa pagsulat ng tula, kuwento, at salaysay sa Ilokano. Nasama ang ilang mga akda sa iba't ibang antolohiya at sa sariling aklat na *Isliping Teody Ken Dadduma Pay a Sarita (*Isliping Teody at Iba Pang Kuwento). May ilang mga tulang nailathala noon sa *Home Life Magazine* at *Liwayway*. Pinalad na nasama ang ilang tula sa aklat na *In Time Passing, There Are Things* na pinamatnugutan ni Sir Leoncio P. Deriada (+), Palanca Hall of Fame awardee.

Kasalukuyan nagtuturo ng Matematika sa Aparri West National High School, Brgy. Bulala Norte, Aparri, Cagayan. Si dating Judith M. Simon ang kabiyak at nabiyayaan ng tatlong anak, sina Jethro, Jiemil Anne, at Jaybert.

# KAWES

Naipasngay ti tao a silalamolamo
Sumina nga awan ti maitugotna.

Ngem naruay ti pannakapigis ti kortina
Iti panangibiagna iti akemna.

Agisuot iti nadumaduma
Narangrang a tagilingedna.

Mabatbati dagiti nakapsut
Nga agaruat iti rutrot.

Adut' agkawkawes iti mayabungot
A di makalasin iti dara a maiparukpok.

Naynay a mapisangpisang ti kawes
Dagiti babbai iti ngiwat 'tay bulbullagaw.

Mauy-uyos uray ti manto dagiti santo
Iti angaw ken garakgak ti demonio.

Ak-akasen ti sabali ti pagan-anay
A naibalaybay iti paraangan.

Pudno, sikakawes ti lubong iti basol

Masapul ti kawes ti pammakawan.

Masapul ti panaguyos iti pagan-anay
Masapul ti panagsubli a lamolamo.

# KASUOTAN

Isinilang na hubad ang tao
Lilisang walang madadala kahit ano.

Madalas napupunit ang kurtina
Sa pagsasabuhay ng kung sino siya.

Nagsusuot ng iba't iba
Makinang na magkukubli sa kaniya.

Naiiwan ang mga mahihina
Nagkakasya sa punit na tela.

Maraming nagsusuot ng parang belo
Nang di makita ang dumanak na dugo.

Madalas ding nahuhubdan ang kababaihan
Sa matalim na dila ng payasong uhaw.

Naibababa ang manto ng mga santo
Sa patawa't halakhak ng demonyo.

Ninanakaw ng iba ang mga sampay
Sa bakuran ng may bakuran.

Totoo ngang ang mundo ay makasalanan

Kailangan ang kasuotan ng kapatawaran.

Kailangan ng pagtanggal sa lumang kasuotan
Kailangan ang pagbabalik sa kahubdan.